ANO ANG

# SURVEILLANCE CAPITALISM?

Ang sistemang ekonomiko ng ika-21 na siglo

Ayon kay Shoshana Zuboff, ang surveillance capitalism ay isang sistemang ekonomiko na nakabatay sa pagkolekta ng impormasyon ng masa. Gamit ng datos na ito, nahuhula at naiimpluwensiya nila ang aksyon ng mga tao.

Palihim na panganib ang dala ng surveillance capitalism dahil sumabay ito sa pag-usbong ng internet sa ating lipunan. Habang lumalaki ang papel ng internet sa ating buhay, lumalaki rin ang sakop ng surveillance capitalism.

## APAT NA PROSESO SA SURVEILLANCE CAPITALISM

**1**

Kinokolekta ng mga kumpanya ang raw na datos ng kanilang users, kagaya ng ginagawa sa browser, contact details, atpb.

**2**

Kinokonekta ng mga kumpanya ang datos na nakolekta mula sa iba't-ibang sites at apps para gumawa ng detalyado na profile ng user.

**3**

Gamit ng datos at profiles, ang mga kumpanya ay gumagawa ng mga prediksyon at assumption tungkol sa kanilang users.

**4**

Gamit ng datos at profiles, naiimpluwensiya ng mga kumpanya ang aksyon ng kanilang users

## PERO WALA NAMAN AKONG TINATAGO?

**Lahat tayo ay may tinatago.** Bakit natin sinisigurado na nakakandado ang pinto o nakasara ang kurtina?

At hindi porket wala kang tinatago, pwede na ibalewala ang right to privacy. Hindi naman kailangan na may sinasabi para maging mahalaga ang kalayaan natin sa pananalita.

## ANG MGA PROBLEMA SA SURVEILLANCE CAPITALISM

**Kaduda-dudang moralidad**

Mabuti lang ba na pwedeng impluwensiyahan ng mga kumpanya ang pulitikal na paniniwala ng mga tao base sa kanilang datos?

**Mass surveillance**

Ang mga sistema ng pagkolekta ng mga datos ay nakatayo na at pwedeng abusuhin ng mga grupo tulad ng gobyerno.

**Pagkawala ng kontrol**

Halos wala tayong sabi sa datos na nakuha ng mga kumpanya. Hindi natin alam kung kanino binebenta, kung para saan ginagamit o kung talagang na-delete.

Ang right to privacy ay isang karapatang pantao. Ito ay depat rinerespeto, ngunit hindi ito posible sa modelo ng surveillance capitalism.

## ANO PWEDE KO GAWIN?

Pwede ka makilahok at sumali sa mga adbokasiya o grupo na laban sa surveillance capitalism.

Pwede kang gumawa ng iyong sariling plano kung paano mo pwede protektahan ang iyong datos.

Tulungan mo kami sa pagkalat ng awareness tungkol sa surveillance capitalism at ang kawalan ng ating right to privacy.

## MGA KAUGNAY NA LINKS

**Surveillance Self-Defense**
https://ssd.eff.org

**Electronic Frontier Foundation**
https://eff.org

**Foundation for Media Alternatives**
https://fma.ph

## MGA SANGUNNIAN


Zuboff, S. (2015). Big other: Surveillance capitalism and the prospects of an information civilization. Journal of Information Technology, 30(1), 75–89. https://doi.org/10.1057/jit.2015.5

Landwehr, M., Borning, A., & Wulf, V. (2021). Problems with surveillance capitalism and possible alternatives for IT infrastructure. Information, Communication & Society, 1–16. https://doi.org/10.1080/1369118X.2021.2014548